

Lakbay- Aral:

Sama-samang Aralan at Paglilinang tungo sa Mapagpaunlad na Pangangasiwa ng Komunidad (Ang Karanasan sa Bulacan Heights)

**Gretchel N. Pelaez
Norby R. Salonga
Leocito S. Gabo, PhD**

Ang paglalakbay na ginanap sa Bulacan Heights ay pagkakataon ng pagkilala sa kalagayan ng mga pamayananang inilipat mula sa isang kalagayang laging nakaamba sa panganib ng pagkasalanta mula sa kalikasan. Kaya sa paglipat nila sa isang panibagong tirahan, nahahamon ang pamamaraan ng pakikipagkapwa samantalang pilit na isinusulong ang kaunlaran ng pamilya.

Sa ibang mga pamilya, may kaukulang kaluwagan ang kanilang kalagayan dahil sa pinanggalingan nila, walang katiyakan ang kanilang paninirahan. Maliban sa panganib, hindi sa kanila ang lupang kinatitirikan ng kanilang tahanan. Sa bagong tirahan nasusubok ang kanilang pamamaraan ng pagbubuo ng pamayanan, maayos na kapitbahayan, at mahusay na turingan tungo sa isang malakas na samahan. Ang nagiging mahusay na ugnayan ay nilalahukan ng isang kasunduan sa gitna ng Pamahalaang Lokal at ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan.

Masinsin na hakbang ang ginawang pagkilala at pagtukoy ng pangunahing ginalawan ng pag-oorganisa at ito ay tungo sa sama-samang pangangasiwa ng paninirahan.

Sa pagpapalitan ng mga karanasan ay masuyong hinahayag ng mga nangungunang pinuno na binaka nila sa simula ang pagkawala ng kanilang malalim na pagkilala sa kanilang sarili dahil sa pagkagiba ng kanilang dating tirahan. Itinanghal ang mga proseso bilang pagkakataon ng pagbangon at pagtangan ng bawat isa na makibahagi sa pamamaraang pagpapatibay na sama-sama. Nilakbay ang aral dahil hindi kayang unawain ng isang saglit ang buhay; unti-unti ang paghagip ng mga kahulugan.

Isang pagninilay ang sulating ito halaw sa karanasan ng programa sa pagpapaunlad ng pamayanan sa Catacte, Bulacan.

Ang Bulacan Heights

Ang Bulacan Heights ay nabuo at pinagtibay sa pamamagitan ng *resettlement agreement* na nilagdaan ni Governor Wilhelmino Sy-Alvarado ng lalawigan ng Bulacan at ng National Housing Authority (NHA). Ito ay may kabuuang sukat na 68,789 metro kwadrado at sa kasalukuyan ay binubuo ng 1,100 yunit na bahay. Ang Bulacan Heights ay maituturing na *on-site relocation* dahil ang halos kalakihan ng populasyon ng pamilya na inilipat dito ay mula din sa mga karatig-bayan ng Bustos tulad ng Plaridel, Pulilan, Norzagaray, at Baliuag.

Sa loob ng isang taon at halos walong buwan mula ng *turn-over ceremony* noong ika-3 ng Oktubre 2013, ang Bulacan Heights ay binubuo ng 1,325 pamilya o humigit kumulang na 6,625 katao na nakatira sa 56 na bloke ng yunit. Ang sukat ng isang yunit ay nasa 24 metro kuwadrado o apat na metro at pitong metrong sukat, na siyang maaaring lagyan ng pangalawang palapag.

Siyam na yunit ang inilaan upang magsilbing gusali para sa mga serbisyo tulad ng *health center*, silid aralan para sa *daycare center*, *Alternative Learning System* at *kindergarten* hanggang ikatlong baitang at *model house* na tumatayong tanggapan ng debeloper ng nasabing lugar. May itinatayo ding gusali para sa mababang paaralan.

Dahil na rin sa patuloy na lumalaking populasyon ay nagkaroon ng pagkakakilanlan sa mga bloke ng Bulacan Heights: ang Phase 1 at Phase 2. Ang Phase 1 ay binubuo ng 44 na bloke at ang Phase 2 ay binubuo ng natitirang 12 na bloke.

Edukasyon

Pansamantala may apat na yunit sa Block 8 na ginagamit bilang silid aralan para sa mababang paaralan ng Bulacan Heights. Dahil sa kakulangan ng pasilidad, karamihan sa mga mag-aaral ay lumalabas ng *relocation site* upang pumasok sa paaralan na matatagpuan sa Liciada, lima hanggang anim na kilometro ang layo.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagtayo ng dalawang palapag na gusali para sa mababang paaralan. Mayroong isang yunit na matatagpuan sa Block 9 na siyang itinalaga upang tumayong silid aralan ng *Alternative Learning System* (ALS) na hindi nagagamit dahil sa kawalan ng kagamitan at tao na mamamahala.

Kalusugan

Bukas mula Lunes hanggang Biyernes ang *Health Center* na nagsisimula ng ika-walo ng umaga hanggang ika-apat ng hapon. Isang kumadrona kasama ang walong *Barangay Health Workers* (BHW) at dalawang nars na nagpapalitan sa pag-asiste sa sentrong pangkalusugan ang nakatalaga sa *Health Center*. Kung kaya, nagkaroon ng *monitoring system* ang mga tao lalo na ang mga bata, nagdadalantao at matatanda. Ang *Health Center* ay nagbibigay ng gamit para sa mga sakit tulad ng tuberkulosis. Tuwing bakasyon naman ay nagsasagawa ng libreng pagtutuli para sa mga batang lalaki.

Kabuhayan

Ilan sa mga ikinabubuhay ng mga naninirahan sa Bulacan Heights ay ang pagkakaroon ng sari-sari store, Piso Net (paghulog ng piso para makapag-internet), pagpaparenta ng bisikleta, pagbebenta ng gasolina, paglalako ng mga gulay, at pagtitinda ng mga pagkain tulad ng kwek-kwek, mani, togue at iba pa. Ang iba pang kabuhayan ng mga tao ay pamamasada ng traysikel, pananahi, pagwe-welding, pagiging barbero at pagmamay-ari ng *beauty salon*.

Karamihan din sa kanila ay manggagawa o *manual laborers* na kinabibilangan ng mga *construction workers*, *factory workers*, drayber, pahinante, *security guard*, *collector*, kasambahay at labandera.

Isa sa mga kilalang negosyante na naglalako ng pagkain sa Bulacan Heights ay si Carina Bobiles o Ate Carina. Siya ay pinakakilala sa paglalako ng kwek-kwek at palitaw. Para makabenta ng marami, siya ay gumigising ng ika-tatlo ng umaga upang mamili sa Baliuag bago magluto ng kanyang ilalako. “*Ang kinikita ko mula sa pagtitinda ay nakakatulong kahit papaano sa sweldo ng aking asawa upang matugunan ang pangangailangan ng aming pamilya,*” aniya.

Pinamamahalaan ng Asosasyon ng mga Mamamayan sa Bulacan Heights (AMBUH) ang tiangge na bukas mula ika-anim ng umaga hanggang ika-labindalawa ng tanghali tuwing Sabado. Nagsisilbing alternatibong pamilihan ng mga taga-Bulacan Heights ang tiangge. Karaniwang mabibili dito ang mga produktong karne, gulay, prutas, damit, at iba’t-ibang gamit sa bahay. Mula sa alternatibong pamilihan na ito ay kumikita ng P180 hanggang P200 ang AMBUH.

Transportasyon

Sa bukana ng Bulacan Heights ay matatagpuan ang isang maliit na terminal ng mga traysikel na bumibiyahe hanggang sa bayan ng Baliuag. Pito hanggang sampung yunit ang pumaparada sa nasabing terminal. Karamihan sa mga namamasada ng traysikel ay mga kalalakihan na may edad 30 hanggang 55.

Dumarami ang nagmamay-ari ng pribadong motorsiklo sa lugar kaya unti-unti ding nababawasan ang bilang ng pasahero na sumasakay ng traysikel.

Ganunpaman, traysikel pa rin ang pangunahing moda ng transportasyon ng mga tao. Animnapung piso (P60.00) ang kabuuang pamasaha papunta at pabalik mula sa sentrong bayan ng Baliuag, ngunit umaabot din sa isandaang piso (P100.00) ang pamasaha sa mga pagkakataon na mag-isa lamang ang pasahero. Dahil dito, halos lahat ng mga naninirahan ay nagsusumikap na magkaroon ng sariling motorsiklo upang makatipid sa pamasaha.

Marami ang gumagamit ng bisikleta sa loob ng Bulacan Heights. May ilang residente pa nga ang nagpapaupa sa halagang P5.00 kada tatlung minuto. Ayon sa mga residente na kadalasang gumagamit ng bisikleta, mas matipid ang nasabing moda sa kadahilanan hindi na ito nangangailangan ng gasolina. Sipag at malakas na resistensya lamang ang kailangan sa paggamit nito.

Kapaligiran

May pagkukusa ang mga residente na pangalagaan at panatiliing malinis ang kapaligiran. May umiikot na trak ng basura na lingguhang humahakot ng mga basura. May mga tanim na gulay at halamang gamot sa mga bakuran ang karamihan sa mga mamamayan. Ayon kay Edwina Ruz o Ate Wing, “Mas nagiging maaliwalas at magandang tingnan ang bahay dahil sa mga tanim na halaman.”

Mayroon ding *community garden* na pinamamahalaan ni Robin dela Cruz, na katatagpuan ng samu't-saring gulay gaya ng talong, kamatis, kamoteng baging, mais, kangkong, petchay, at kamoteng kahoy.

Kaayusan

May pinatutupad na *curfew* na may kaugnayan sa oras ng paggala sa labas ng mga kabataan at hangganan sa paggamit ng *videoke*. Pagpatak ng ika-sampu ng gabi, bawal nang gumala sa labas ang mga kabataan. Ang *curfew* naman sa *videoke* ay pinapatupad para sa katahimikan at kaayusan ng Bulacan Heights. Napagkasunduan na dapat katamtaman lamang ang lakas ng *speaker* kung sakali man na aabutin ng gabi ang paggamit nito. Hanggang ika-sampu ng gabi lamang ang hangganan nang paggamit ng nasabing kagamitan.

Imprastraktura

Mayroong proyektong pagpapagawa ng *humps* at *streetlights* na isinagawa sa pangunguna ng AMBUH at sa pakikipagtulungan ng Barangay Catacte at opisina ni Mayor Arnel Mendoza. Ito ay upang maiwasan at maibsan ang mga aksidente sa daanan at magabayan ang mga motorista sa paggamit ng anumang uri ng sasakyan.

Gender

Mga aktibo ang mga kababaihan sa komunidad hindi lamang sa pag-aalaga at pag-aasikaso ng kani-kanilang mga pamilya kundi sa pagpapatakbo din ng maliliit na negosyo sa lugar. Kasama din sila sa pag-aaral ng *Gender Sensitivity* at iba pang usapin hinggil sa karapatan ng mga babae at lalaki kasabay ng mga lider ng komunidad.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Nilayon ng pag-aaral na ito na mapataas ang kamalayan ng bawat isa sa proseso ng pagbabalanse ng aspetong pulitikal at ekonomika sa pagpapaunlad ng komunidad, lalo na ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matibay na pundasyon sa pamamahala na inasahang nag-ugat sa kamalayan ng mga tao sa nasabing daloy. Kabilang dito ang pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pagpapaunlad ng kapasidad ng mga opisyaes at lider ng mga bloke sa Bulacan Heights (AMBUH), lalo na sa aspetong pangkabuhayan (Livelihood), Pinansyal (Finance), Pagka-kalihim, at Pamumuno.

Nagbibigay din ng suportang teknikal sa pagbuo ng mga komite bilang mekanismo sa maayos at mabuting pamamahala ng pamayanan bilang mga bagong lipat sa lugar.

Naging daan ang ‘huntahan’ kasama ang mga opisyal ng asosasyon hinggil sa mga karanasan at aral na napulot sa pakikipamuhay. Naging gabay ito sa mag-aaral na nakipamuhay sa komunidad, grupo at organisasyon na patuloy magpalakas at magpaunlad mula sa pagkalugmok na dulot ng tila ‘kalagayang pagkapatapon.’

Ang Araling Pampamayanan

Ang mga naging karanasan sa pagbasa na naibalangkas sa ibaba ay nakatuon sa kultura ng ‘relokasyon.’ Pundasyon ito ng bawat sambahayan ng Bulacan Heights pagkalipat nila dito. Malinaw sa pamamahala ng Bayan ng Bustos ang pananagutan sa pagsasalugar ng kaniyang mamamayan. Sa kabilang banda nakikita din ng mga tao ang kanilang karapatang matugunan ang kanilang pangangailangan. Kultura din ang nagsisilbing saligan sa proseso ng pakikisalamuha at pagtindig sa mga hamon ng kanilang buhay—ang isang kalikasan sa ugali ng mga Pilipino kung dulo ng mga hakbang ang pag-uusapan.

Ang pinanggagalingang punto sa pagkakaroon ng karapatan ng mga tao (May Karapatan) na dumulog sa awtoridad (Tagapagtaguyod ng Karapatan) upang siyang tumugon sa kanilang pangangailangan ay batayan sa pag-unlad na kung tawagin ay ‘Pamamaraang Nakaugat sa Karapatan’ (PNK)¹. Ginamit itong salamin sa aral ng bawat sektor. Sa Bulacan Heights, binalangkas ang mga tungkulin ng mga komite mula sa mga isyu at pagsalamin ng kakayanan ng mga taong tumugon sa kanilang kalagayan patungong pagbubuo ng programa. Dito umaangkop ang alingawngaw ni Propesor Angelito Manalili (1994); mga programang, “mula sa tao, tungo sa mga tao.”

Natukoy ang mga pangangailangan na nais tugunan ng bawat komite lalo na ang komite ng pangkabuhayan kung saan nakatuon ang mga gradwadong estudyante mula sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan na nakilubog sa kalagayan. Naging daan sa Pamahalaang Lokal ang pagpapalakas sa AMBUH bilang daluyan at tagaganap ng mga programa sa anyo ng mga serbisyo tulad ng pabahay, paaralan, at sentrong pangkalusugan—tulay ito sa paghahanda sa kanila upang tindigan ang kanilang kinabukasan.

¹Sa wikang Ingles ay Rights Based Approach o RBA.

Pinanghahawakan ng Lokal na Pamamahala ang ganitong balangkas:




Figure 1. Konseptong Balangkas na Nakaugat sa Karapatan²

Ang realidad ng buhay ay nag-iiwan ng agwat sa pagitan ng pananaw ng tao sa kasalukuyan niyang kalagayan (kalagayan ng kahirapan) at sa kung ano ang hinaharap, kaya mas namamayani ang kawalang katiyakan sa kanilang mga hakbang. Ang pagsasanay ng kakayanan ay mahusay na sandalan upang pagtibayin ang pundasyon ng pamayanan na maging malinaw ang kanilang tunguhin—ang prosesong ito ay panimulang paghahabi upang maging tiyak ang gampanin ng bawat mamamayan bilang pagsasabuhay ng kanilang karapatan.

Ayon sa United Nations Population Fund (UNFPA, n.d.), ang Pamamaraang Pangkarapatan ay may layuning palakasin ang kapasidad ng tagapagtaguyod ng karapatan para magampanan ang kanilang tungkulin at mahimok ang may karapatan na dumulog sa awtoridad upang masiguro ang pagkakaroon ng mga serbisyong tutugon sa kanilang mga pangangailangan.

²Rights Holder - Ang may Karapatan; Duty Bearer - Tagapagtaguyod ng Karapatan; Fulfill their Duties - Pagganap sa Tungkulin; Claim their Rights - Pagtamasa ng Karapatan.

Ang pakikipamuhay ay nagsilbing tuntungan ng mga pagsasanay sa pag-abot ng pagka-unawa kaugnay sa kanilang karapatan upang maigpawan unti-unti ang kahirapan. Ito ang dinaanan para maitayo ang 'bahay'³ na sandigan ng mga tao sa pamayanan sa proseso ng pagpapaunlad.

Sa pag-uusap sa regular na pulong, nabuo ang mga komite sa tutok ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Agham sa Pagpapaunlad ng Pamayanan, at naitalang dahan-dahan ang Saligang Batas at balangkas kasama ang mga komite. Pinag-usapan ang mga naging hamon sa pamumuno at pamamahala ng AMBUH sa mga pamamaraan ng komunikasyon mula sa ibaba (mga karaniwang kasapi) patungo sa itaas (*block* lider at opisyaes) sa proseso ng pagpapalano na pangkalahatan para lutasin ang mga suliranin. Sa kabilang dako, ang mga opisyaes, lalo na ang mga komite, ang siyang napagkasunduang manguna sa pagbuo at pagbalangkas ng mga detalye ng plano na ipinaaabot sa mga lider ng bawat bloke. Ang mga *block* lider naman ang siyang inaasahang nagpaparating nito sa mga miyembro. Ang bukas na komunikasyon na kagaya nito ay inasahang nagpatibay sa pundasyon ng AMBUH at sa samahan tungo sa mapayapang pamumuno.

Ganito dumaloy ang komunikasyon sa buong palitan na natuklasan pagkatapos na masuri ang sangguniang aral na ginawa ng mga komite.




Figure 2. Balangkas ng Komunikasyon ng AMBUH

³Paglalarawan ng kamalayan sa pagpapanumbalik ng kaisipang pananahanan.

Ang Pakikipag-aralan

Naging batayan sa pamamaraan ng pag-oorganisa ng komunidad tungo sa pamamahala na kasama ang mga lider na unawain ang iba't-ibang kaisipan at proseso gaya ng Pamamaraang Pangkarapatan. Naging sandigan ang mga ito sa pagsasanay na isinagawa at pinalawak sa mga miyembro ng komite ng Pang-kabuhayan, Pampinansyal at Pang-sekretaryal. Mahalaga ang mapaghimay na paraan sa antas ng pagsasanay.

Masusing paggalang sa antas kamalayan ng mga pangunahing pinuno ang paghihimay tungo sa Pag-oorganisa ng Pamayanan at Ganap na Pamamahala (PPGP). Ayon kay Dr. Oscar P. Ferrer (2012) ng Unibersidad ng Pilipinas:

ang pamamahala sa komunidad ay may layuning masusugan ang epektibo at mabuting pangangasiwa, na kung saan ang mga pagkakataon para sa partisipasyon, pagkakaroon ng iisang layunin para sa pagpapakilos, sama-samang pagkilos sa paghahatid ng mga serbisyong panlipunan, bukas sa mga transaksyon sa lokal na pamahalaan, pananagutan para sa mga resulta at mga mekanismo para sa tuloy-tuloy na pag-unlad ay maisagawa. (Salin ng awtor: *Community governance allows for effective and good governance, where opportunities for participation, common agenda for mobilization, concerted action in the delivery of social services, transparency in local government transactions, accountability for results and mechanisms for sustainability are provided.*) (p. 6)

Itinuring at hiniling ng mga pinuno na pagtuunan ng pag-aaral ang negosyo na pinag-isipan, pinagplanuhan at may kinalaman sa pagpapaunlad ng kanilang buhay. Naging malaking hakbang ang maunawaan nila ang kahalagahan ng *feasibility study*. Ayon sa kanila, “*mabusising pag-aaral pala ito pero isa itong oportunidad kasi may nalalaman kami na potensyal ang negosyo at natutukoy ang tiyak na balakid at suliranin sa pagpapatakbo nito.*”

Ang sulating ito ay pinahalagahan ang pagkakaroon ng bahaginan ng mga karanasan para mabuksan ang malayang proseso upang maintindihan ang kalagayan ng komunidad at mapalawak ang kaalaman ng mga gumaganap sa iba't-ibang pamamaraan ng pagpapanday sa kakayanan ng mga tao.

Pinaglimian ang anyo ng komunikasyon na naging instrumento sa maayos at malinaw na pangangalap ng impormasyon at maka-angkop sa kakanyahan nila para makatugon sa pangangailangan ng mga tao sa komunidad. Mahalagang malalim na nadarama ang kanilang kalagayan. Susi dito ang malalim na pakikipamuhay. Nakita ding napakahalaga ng pakikinig upang matanto ang pamamaraan ng kanilang pag-iisip at pagdama. Nasasamsam ito sa paglikop ng ilan pang pang-akademiyang daloy tulad ng *key informant interview* (KII) at *focus group discussion* (FGD).

Sa prosesong ito, mas naintindihan ang kwento ng mga tao. Sa pagdama sa arawang gawain nila, higit na napalalalim ang mga kamalayan sa kung papaano pinagsusumikapang iraos ng mga tao ang kanilang arawang pangangailangan at makisaliw sa kanilang pangarap kahit na ang kapalit nito ay pagkakaroon na lang ng ilang oras na tulog para makapaghanap-buhay.

Mga Turo ng mga Tao

Selflessness. Ang pangulo ng AMBUH ay isang magandang halimbawa ng lider na buong pusong iniaalay ang kanyang sarili upang makapaglingkod sa kapwa. Maraming pagkakataon na kinailangan niyang isakripisyo ang pamamahinga sa bahay para lamang gampanan ang kanyang mga tungkulin. Dahil dito, iginagalang siya ng mga mamamayan ng komunidad sa Bulacan Heights at maging ng mga kinatawan sa munisipyo.

Ang proseso ng pakikipag-usap, pakikisalamuha, at pag-aaral ay nagbigay ng pagkakataon para maisaling-teorya na natutunan ang proseso ng pagpapaunlad ng pamayanan sa pananaw at sariling pamamaraan ng mga tao sa lugar. Ito ay nagsilbing pandayan ng mga bitbit na pag-uunawa, kaalaman at karanasan patungkol sa nabanggit na proseso.

Ang huntahan ay matinkad na naranasan sa pakikisalamuha na naging daan para maunawaan ang buhay sa Bulacan Heights kasama ang kanilang mga pinagdadaanan, at gayundin ang kanilang mga pangarap na nagsisilbing ilaw sa kadiliman ng kahirapan na kanilang dinadanas bilang bahagi ng laylayan ng lipunan⁴. Ito din ay matagal nang ginagamit sa mga

⁴ Laylayan ng Lipunan ang gamit sa kalagayan ng mga taong nasa higit na mahihirap.

pamayanan kahit nang una pa man. Nagbukas ito ng kamalayan hinggil sa ating lahi na ang Pilipino ay sadyang maabilidad at malikhain--- na kahit anumang hirap ng buhay, gaano man kalalim ang ‘bangin na kinalalagyan’⁵

sa lipunang ito ay makagagawa at makahahapan pa rin ng paraan upang makaraos sa hirap na dinadanas.

Ang pakikipamuhay ay napakahalaga sa proseso ng pag-oorganisa. Hindi hagip ng teorya kung hindi palalamanan ng gawa. Lahat ay nagsimula sa pagkilala sa katotohanan na ang bawat tao ay may karapatan na pinanghahawakan at kulturang kinalakihan. Ang mga karapatan at kulturang

ito ang nagsisilbing pundasyon ng bawat sambahayan na nakatapak sa lupa ng Bulacan Heights pagkatapos silang mailipat dito. Ang kanilang karapatan ang susing daan habang gabay nila ang mga pangarap. Siya ring nagbibigay kapangyarihan sa kanila na dumulog sa kinauukulan upang siguruhin na ang kanilang pangangailangan ay matutugunan. Ang kanilang taglay na kultura ang nagsisilbing saligan sa proseso ng pakikisalamuha sa kapwa at pagtindig sa mga hamon ng buhay—kalikasan ng ugali ng mga Pilipino.

Ang pagkakataon upang makisalamuha at makipamuhay sa mga tao ay nagbukas ng larangan upang damhin at paglimian ang proseso ng kahirapan at ang iba’t-ibang mukha nito ayon sa pagtingin at kasaysayan ng mga tao sa komunidad. Dito rin nabigyang linaw na ang kahirapan ay salamin hindi lamang ng pangkalahatang kondisyon ng pamayanan sa aspetong ekonomika, bagkus, ito rin ay sumasalamin sa nabuong diwa ng mga tao, at sa kung papaano nila pinagsusumikapang hanapin at intindihin ang kanilang kaugnayan sa kalagayan ng kanilang kapwa tao at ng pamayanan sa pangkalahatan.

Ang paglulundo ng pakikipamuhay na itinutuloy hanggang sa kasalukuyan ay naging hudyat ng bago at mas malinaw na simula para sa lahat. Ang pagbabagong naganap sa anyo ng mga komite mula sa pagsusuri at pag-unawa ng mga isyu ay nakapagbuod ng mga programa at nagbukas ng pinto sa Asosasyon upang mapalawak ang kanilang mga gawain tungo sa mas maunlad na lugar. Ito rin ang nagsilbing daan upang mas lalong malinawan ng bawat isa ang kani-kanilang mga responsibilidad bilang

⁵ Paglalarawan sa agwat ng itaas at ng ibabang kalagayan.

miyembro ng mga komite at ng Asosasyon sa pangkalahatan. Sa tulong din nito, mas napatatag ang puso at nagsisilbing pundasyon ng Asosasyon—ang tao o bawat miyembro nito.

Ang pakikipaglakbay sa kabuuan ay nagpatunay na ang proseso ng pagpapaunlad ng komunidad ay naiukit sa isip ng tao na nagbigay ng matalinong pamamaraan at proseso, puso na handang makiramdam sa pangangailangan ng iba, at kaluluwa na nagsilbing konsensya upang magtulungan. Ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao sa laylayan ng lipunan ay nakapagbukas ng kamalayan bilang nakikipaglakbay upang makabuo ng mga sumusunod na tanto

Magsimula sa pagkilala ng Karapatan ng Tao. Ang gabay at konsepto na *community organizing for community governance* ay dapat kumilala at tumuntong sa karapatan ng mga tao. Ito ay sa kadahilanang ang tao ang siyang bubuo sa proseso na ito; yayakap sa pagsasakatuparan at sisiguro na magkakaroon ng tapat, epektibo at maayos na pamahalaan sa kanilang lugar. Ang ipinamalas ng mga mamamayan, lalo na ng mga opisyal ng AMBUH na palawakin ang kamalayan sa realidad ng buhay at paunlarin ang kapasidad na mayroon sila, ay konkretong halimbawa na ang pinag-ugatan ay ang tanong tungkol sa kanilang karapatan: sino; paano; saan; at kailan. Ang mahaba at mabungang pagpapanday sa kapasidad ng mga tao ay nagdulot ng magandang resulta. Una, napalakas ang kanilang kapasidad; pangalawa, naging maayos ang pag-oorganisa; at panghuli, ang pagkilala na mayroon silang karapatan na dapat igo at dapat matugunan hindi lamang ng pamahalaan na sumasakop sa kanila, kundi higit pa ang pamahalaan na madalas malimutan at hindi pinapansin: ang pamahalaan na mayroon sila sa komunidad—at ito ay sila mismo.

Ang pagkakaiba sa paraan ng Pamumuno ay isang Oportunidad. Ang pagkakaiba-iba sa paraan ng pamumuno ng mga opisyal ng Bulacan Heights ay hindi naging hadlang upang makapagpunla sila ng binhi ng isang matatag na asosasyon. Ang pagkakaibang ito ay higit na nakatulong upang maging sensitibo at bukas ang bawat isa sa mungkahi at ideya na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng AMBUH. Ito din ay nakatulong sa aspeto na may kinalaman sa komunikasyon.

Sa simula ay nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng mga opisyal dahil sa pagkakaiba ng personalidad at paraan ng pamumuno. Ngunit nang matutunan nilang kilalanin at maging bukas sa mga pagkakaibang ito, unti-unting nawala ang tensyon at mas naging malaya ang kanilang usapan.

Pagkatuto sa pamamagitan ng Karanasan. Karamihan man sa mga natututunan ng tao ay kadalasang nagmumula sa paaralan o pormal na institusyon, hindi pa din maitatangi na ang karanasan ang siyang tanging makapagbibigay ng mas malalim at matatag na pundasyon sa pagkatuto. Ang proseso ng pagbabahaginan ng kanya-kanyang karanasan ng mga miyembro ng AMBUH sa bawat isa ay hindi lamang nakapagpatibay ng kanilang relasyon kundi ng kanilang kaalaman.

Nakita sa pakikipag-aralan sa komite ng pangkabuhayan gamit ang mayabong na karanasan ng ilang miyembro sa pagnenegosyo kagaya ni Ate Carina na nagkaroon ng pagkakataon ang iba na matuto mula sa kanya sa pamamagitan ng pagbabahaginan.

Sa kabilang dako naman, ang pakikibahagi ng mga komite na pang-pinansyal, pang-kabuhayan at pang-sekretaryal sa isang *Summer Festival* ay nagdulot ng magandang karanasan. Ang sistemang pang-pinansyal na ipinatupad ng komite ay nasubukan, naunawaan at nabusisi ng mga miyembro ng nasabing komite, at ng lahat ng opisyal. Ang komite naman ng pang-kabuhayan ay sinubukan ang kanilang mga natutunan na estratehiya at proseso sa pagnenegosyo sa pamamagitan ng pagtitinda ng mga pagkain sa loob ng dalawang araw. Gayundin, ang Komite ng Pagkakalihim na nakabuo naman ng mga gabay sa paggawa ng katitikan at *agenda* para sa pagpupulong ay aktibong nakiisa sa pagbibigay ng adminstratibong suporta sa mga aktibidad na pinangunahan ng AMBUH.

Ang karanasan ang siyang lalong nagpalalim at nagpaunlad sa kaalaman ng tao na maaring may natututunan sa loob ng paaralan ngunit kailangan pa ring maranasan upang mahasa ang kapasidad na taglay ng bawat tao.

Maglimi. Mahalagang matutong maglimi ang mga lider. Ang paglimian ang sariling salita, obserbasyon, kaalaman at ideya ay isang proseso na dapat matutunan ng mga lider, lalo na sa komunidad. Ang pagiging bukas ng mga lider sa Bulacan Heights na paglimian ang mga bagay-bagay ay naging dahilan upang magkaroon ng bukas na usapan ang Asosasyon. Sa pamamagitan nito ay natutunan nilang balansihin ang pagkakaiba ng personalidad at paniniwala nila na nagpakita ng paggalang sa pananaw ng bawat isa.

Kung ang oras ng paglilimi ay matutunan ng bawat lider sa anumang uri ng organisasyon, maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan

at mas titibay ang samahan ng mga miyembro at lider sa pangkabuuan. Ang pangulo ng AMBUH ay isang magandang halimbawa sa nabanggit. Dahil sa pagiging bukas ng kanyang isipan at puso sa ideya, kaalaman, o puna ng mga miyembro at kapwa opisyaes, mas natutunan niyang maging mahinahon at matatag lalo na sa mga oras na hinihingi ng pagkakataon. Sa pamamagitan din nito, mas nagkakaroon siya ng malalim at matatag na ugnayan sa lahat sapagkat nakakasanayan nilang ipaliwanag ang mga bagay-bagay sa pamamaraan na malinaw, maayos at magalang. Magandang pakikitungo ang nagiging bunga nito

Ang maayos na komunikasyon ay kritikal sa organisasyon. Ang maayos na balangkas ng komunikasyon ay nakakatulong upang mapatibay ang puso ng organisasyon—ang tao. Sa pamamagitan din nito ay maagap na nasolusyunan ang mga isyu at suliranin, at nagkakaroon ng konkretong plano ang organisasyon patungkol sa direksyon at estratehiya nito.

Hindi maikakaila na sa simula ng AMBUH ay nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mismong pamunuan ng Asosasyon, na minsang naging personal. Ngunit nang matutunan nilang tanggapin ang pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ng lahat, ay naging bukas ang komunikasyon ng grupo at naunawaan nila ang isat-isa. Sa pagbabalangkas din ng mga linya ng komunikasyon, ay naging epektibo ang pagsasagawa ng pulong sapagkat nabigyan na ng tama at sapat na oras ang lahat ng dapat pag-usapan, at gayundin ay nabigyan ng pagkakataon ang lahat na ibahagi ang kanilang ideya bilang mungkahi.

Ang political will ay mahalaga sa pag-oorganisa ng komunidad. Ang pagiging bukas ng lokal na pamahalaan ng Bustos ay nakatulong sa pag-oorganisa ng komunidad at pagpapalakas sa kanilang kapasidad. Ito rin ay naging daan upang maging mas mabilis ang pagkabuo ng AMBUH. Nagsilbing matibay na pundasyon ng AMBUH ang sabay na interes ng dalawang panig, ng mga tao na siyang may hawak ng karapatan sa isang banda at ng lokal na pamahalaan na siyang may tungkuling tugunan ang mga karapatang ito sa kabilang banda. Ito ay larawan ng matatag ng ugnayan.

Hindi rin maikakaila na sa tulong nito ay mas lumakas ang loob ng mga tao at mas nagkaroon sila ng tiwala sa sarili dahil nararamdaman nila na ang ama ng kanilang bayan ay nakasuporta sa mga magaganda nilang simulain.

Ang pagsasanay ay hindi lamang dapat tumugon sa abilidad, kundi sa interes at karanasan din ng tao. Kadalasan, ang tinutumbok ng mga pagsasanay ay ang pagpapaunlad lamang ng abilidad ng mga tao, at hindi nabibigyan ng tamang pansin ang kanilang interes at karanasan na siyang nagpapalalim sa proseso ng pagsasanay. Kaugnay nito, naaapektuhan ang kalidad ng partisipasyon ng mga miyembro, na karaniwan ay nagiging dahilan nang hindi tuluyang pagdalo ng mga ito sa pulong/pagsasanay. Nabigyan ng pagkakataon ang mga lider ng bloke na mamili ng komite na nais nilang lahukan ayon sa kanilang interes at karanasan. Dahil dito, kapansin-pansin ang pagdalo ng karamihan sa kanila sa regular na pagpupulong lalo, na ang Komite ng Pang-kabuhayan. May mga pagkakataon man na may ilang miyembro na dumalas ang pagliban sa pulong dahil sa mga personal na dahilan, ito ay inagapan sa pamamagitan ng pagdalaw sa kani-kanilang mga tahanan.

Ang pagkakaroon ng huntahan, ay nagsisilbing pundasyon ng isang organisasyon (Manalili, 1994). Bago mabago ang anyo ng komite sa pagiging *program-based*, may nakasanayan ng mga sistema ang AMBUH patungkol sa pamamahala ng asosasyon gaya ng damayan, *logbook system*, at pangkalahatang pulong ng mga opisyaes. Ang mga impormal na sistemang ito ang nagsilbing pundasyon ng Asosasyon sa pagsisimula, at nagsilbi ding daan sa pagpapaunlad ng mga polisiya, sistema, at pamamaraan.

Isang konkretong halimbawa nito ay ang pagkakaroon ng *program-based* na komite na nagsimula sa pagsusuri ng isyu. Ang proseso at pamamaraan ng mga tao sa Bulacan Heights kung paano pinag-uusapan ang mga isyu at suliranin sa pagpapaunlad ng komunidad ay nagdulot ng tatlong magandang bunga:

1. Nagkaroon ng kasanayan ang mga opisyal na ibahagi ang kanilang sariling pananaw sa mga isyu na may kinalaman sa komunidad;
2. Nagkaroon ng bukas at malinaw na komunikasyon sa pagitan ng miyembro at opisyaes ng Asosasyon; at
3. Nagbukas ito ng pagkakataon para sa AMBUH upang magsagawa ng mga konkretong proyekto na direktang nakatutulong sa mga tao, gaya ng pagpapagamit ng upuan, lamesa at tent tuwing may okasyon o aktibidad sa komunidad.

Ang pagkakaroon ng aktibidad ay isang pamamaraan sa pagpapatibay ng organisasyon. Karaniwang ginagawa ang aktibidad na ang pangunahing layunin ay may kaugnayan lamang sa *fund raising*, kampanya at adbokasiya, libangan, o pagpapataas ng kamalayan ng mga tao. Ngunit kung pagtutuunan ng pansin, may naidudulot din itong maganda sa aspeto ng pagbubuklod ng mga tao at pagpapatibay sa relasyon nila sa isa't-isa bilang kabahagi ng Asosasyon.

Ito ang isa sa mga mahahalagang konklusyon na nakita sa lakbay-aralan sa AMBUH. Ang mga aktibidad na kanilang ginawa nang sama-sama ay hindi lamang nakapaghasa sa kanilang kakayanang manguna na pagsasagawa ng aktibidad, bagkus, naging paraan din ito sa mas malalim na pagkakakilanlan ng mga opisyaes sa isa't-isa at ng mismong organisasyon sa mga miyembro nito.

Sa dulong salita, nagbubunga ang pag-oorganisa ng pamayanan sa pagbubuo ng isang bansa—ang mahusay na paglilingkod. Binigyan nito ng boses ang mga “mabababa” bilang isang mahalagang parte ng komunidad na kanilang ginagalawan, na mayroon silang mahalagang papel na ginagampanan at magagawa para sa sarili at sa lipunan. Hindi pa tapos ang pag-oorganisa sa Catacte, ngunit mula dito ay antabayanan ang mga karugtong na pagninilay.

Talasangayon:

Ferrer, O. (2012). Communication of Risk and Planning II: Community Participation. Lecture Outline in Summer Course entitled Development Within a Low Carbon World: Preparing Professionals for Disaster Risk Management and Climate Change Adaptation, August 6-16, 2012, School of Urban and Regional Planning of the University of Philippines Diliman (UP-SURP), Quezon City, the Philippines. Retrieved from <https://philippinesummercourse2012.files.wordpress.com/2012/07/summer-course-hiroshima-theme-outline.pdf>

Manalili, A.G. (1994). Sama-samang Pangangasiwa at Pagpapalakas ng Samahan. Pag-oorganisa ng Pamayanan: Ikalawang Aklat. KKFI, Lungsod ng Maynila.

Tuazon, Cecileen Anne et al. (2006). How can community organizing affect quality public services to children? A Paper on Community Organizing for Public Services for the course CD 121.

UNFPA. (n.d.). The Human Rights-based Approach. Retrieved from <http://www.unfpa.org/human-rights-based-approach>